


# ISANG GABAY PARA SA MGA PAARALAN NG INYONG MGA ANAK

## Isang Handbook ng Magulang






*Binuo ng*
Adult Learning Resource Center
Des Plaines, IL

*Pinondohan sa pamamagitan ng*
Illinois Department of Human Services

*at ng*
Illinois State Board of Education

**Setyembre 2012**

# ISANG GABAY PARA SA MGA PAARALAN NG INYONG MGA ANAK

## Isang Handbook ng Magulang

*Binuo ng*
Adult Learning Resource Center
Des Plaines, IL

*Pinondohan sa pamamagitan ng*
Illinois Department of Human Services

*at ng*
Illinois State Board of Education

# PASASALAMAT

*Isang Gabay para sa mga Paaralan ng Inyong mga Anak:* Ang *Isang Handbook ng Magulang* ay unang binuo noong 2002 bilang produkto ng isang pagtutulungan sa iba't-ibang mga ahensiya sa estado ng Illinois. Ang mga taong responsable para sa paghahanda at pamamahagi ng handbook na ito ay kinabibilangan nina:

| | |
|---|---|
| Dr. Edwin Silverman | Illinois Department of Human Services/Bureau of Refugee and Immigrant Services |
| Beth Robinson | Illinois State Board of Education |
| Sue Barauski | Direktor, Adult Learning Resource Center |
| Laura Bercovitz | Tagapamahala, Adult Learning Resource Center |
| Greg Krisco | Tagapayo sa Edukasyon, Adult Learning Resource Center |
| Catherine Porter | Tagapayo sa Edukasyon, Adult Learning Resource Center |

Espesyal na pasasalamat kay Diane Pecoraro at sa Minnesota Department of Education para sa kanilang kagandahang-loob sa pagpapahintulot sa amin na gumawa ng materyal mula sa *Isang Gabay sa mga Paaralan ng Minnesota para sa mga Magulang ng mga Mag-aaral ng LEP* ni Bounlieng Phommasouvanh, Mary P. Diaz, Diane Pecoraro, at Joyce M. Biagini.

Salamat kay Tatyana Fertelmeyster, Trudi Langendorf at Joy Ross para sa kanilang kapaki-pakinabang na mga pananaw at rekomendasyon pagkatapos suriin ang handbook.

Ang materyal ay kinuha rin mula sa *Mga Magulang bilang mga Katuwang sa Edukasyon: Isang Kurikulum na may Kaugnayan sa Paaralan para sa mga Magulang na may Minoryang Wika* ni Laura Bercovitz at Catherine Porter, © ang Adult Learning Resource Center.

Isinasama ng 2012 na bersyon ng *Isang Gabay para sa mga Paaralan ng Inyong mga Anak: Isang Handbook ng Magulang* ang mga pagbabagong ginawa ng Illinois State Board of Education upang ipakita ang mga pagbabago sa mga pamamalakad at pamamaraan ng edukasyon.

# TUNGKOL SA HANDBOOK NA ITO

Mahal na Magulang o Tagapag-alaga:

Maligayang Pagtanggap. Ang handbook na ito ay magbibigay ng impormasyon sa inyo tungkol sa sistema ng paaralan sa Estados Unidos at Illinois. Kung bago kayo o ang inyong pamilya sa bansang ito o estado, malamang kayo ay mayroong mga katanungan tungkol sa mga paaralan. Ang impormasyon sa handbook na ito ay pangkalahatang impormasyon. Kakailanganin ninyong tawagan ang inyong lokal na paaralan para sa karagdagang mga detalye tungkol sa mga paaralan ng inyong mga anak.

Magkatuwang ang mga magulang at paaralan sa edukasyon ng mga bata. Pareho nitong nais magtagumpay ang mga bata. Kapag naging sangkot sa edukasyon ang mga magulang at pamilya, mas mahusay ang kanilang mga anak sa paaralan at lumalaki ng mas matagumpay. Sa pamamagitan ng pag-unawa kung paano gumagana ang sistema ng paaralan ng Estados Unidos, matutulungan ninyong magtagumpay ang inyong mga anak at magawa ang pinakamakakaya nila.

# TALAAN NG NILALAMAN

***MGA KATANUNGAN AT SAGOT***

**I. Sistema ng Paaralan ng Estados Unidos ______________________ 1**

*1. Paano inaayos ang mga paaralan sa aking lungsod?............................ 1*

*2. Anong uri ng mga paraalan ang mayroon sa Estados Unidos? .......... 2*

*3. Mayroon bang mga paraalan para sa mga mag-aaral na hindi nakatapos ng high school?....................................................................... 4*

**II. Pagpapatala sa Paaralan___________________________________ 5**

*1. Paano ko maipapatala ang aking mga anak sa paaralan? Anong mga papel ang kailangan ko? .................................................................. 5*

*2. Aling mga medikal na form at pagsusuri ang kailangan ng aking mga anak bago sila makapagsimulang mag-aral?................................. 6*

*3. Paano kung nagkaroon ng mga imunisasyon na ito ang aking mga anak sa aming sariling bansa o sa isa pang estado? .................. 6*

*4. Kailangan bang magpatingin ang aking mga anak sa isang dentista bago magpatala? ......................................................................... 7*

*5. Ano pang ibang mga pagsusuri ang kailangan ng aking mga anak?... 7*

*6. Saan kami maaaring pumunta para sa isang pisikal na pagsusuri?... 7*

**III. Ang Kalendaryo ng Paaralan at Ang Araw ng Pagpasok___________ 8**

*1. Gaano katagal sa paaralan ang aking mga anak bawat araw?........... 8*

2. *Mayroon bang mga piyesta opisyal o espesyal na araw kapag ang mga bata ay wala sa paaralan?*........ 8

**IV. Pagpasok sa Paaralan** 10

1. *Paano makakapasok at makakauwi mula sa paaralan ang aking mga anak bawat araw?*........ 10

**V. Mga Pamamaran ng Paaralan** 11

1. *Ano ang dapat kong gawin kung may sakit ang aking anak?*........ 11
2. *Paano kung kailangan uminom ng gamot ang aking anak sa paaralan?.*........ 12
3. *Sino ang matatawagan ko kung mayroon akong mga katanungan tungkol sa kalusugan ng aking anak?*........ 12
4. *Paano ako maaabot ng paaralan kung magkasakit ang aking anak o maaksidente sa paaralan?*........ 12
5. *Kung mahuhuli o liliban sa pagpasok ang aking anak, ano ang dapat kong gawin?*........ 13
6. *Maaari ko bang bisitahin ang paaralan ng aking anak?*........ 14
7. *Kailangan ko bang magbayad sa paaralan para sa anuman?*........ 14
8. *Sino ang matatanong ko tungkol sa mga pamamaraan ng paaralan kung mayroon akong tanong?*........ 15

**VI. Mga Taong Nagtatrabaho sa mga Paaralan** 16

1. *Sino ang mga taong nagtatrabaho sa mga tanggapan ng distrito ng paaralan at sa mga paaralan?*........ 16

*2. Sino ang makakausap ko sa paaralan tungkol sa aking anak?* .......... 18

**VII. Mga Programa sa Pagtuturo** ______________________________ 19

*1. Kung hindi gaanong nagsasalita ng Ingles ang aking anak, ano ang magagawa ng mga paaralan upang makatulong?* .................................. 19

*2. Ano ang mga subject na pinag-aaralan ng aking mga anak sa paaralang elementarya?* .................................................... 20

*3. Ano ang mga subject na pinag-aaralan ng aking mga anak sa middle school o junior high school?* .................................................. 20

*4. Ano ang mga subject na pinag-aaralan ng aking mga anak sa high school?* .................................................................................... 20

*5. Kung may mga problema sa pag-aaral o espesyal na mga pangangailangan ang aking anak, ano ang magagawa ng mga paaralan upang makatulong?* ................................................. 21

*6. Mayroon bang mga espesyal na programa kung ang aking anak ay mayroong espesyal na mga talento o kakayahan?* ............................ 22

**VIII. Tungkulin ng mga Magulang sa Edukasyon at Pag-aaral ng Kanilang mga Anak** ______________________________ 23

*1. Paano ko malalaman ang tungkol sa pag-aaral ng aking anak? Ang akin bang anak ay isang mahusay na mag-aaral?* ........................ 23

*2. Paano ko malalaman ang kalagayan ng aking mga anak sa paaralan?* ........................................................................................ 25

*3. Paano ako makakatulong gumawa ng mga pagpapasiya tungkol sa mga paaralan?* ......................................................................... 26

*4. Anong mga espesyal na gawain ang maaari kong daluhan sa paaralan ng aking mga anak?* ............................................................ 26

5. *Ano ang ilang mga paraan na maaari akong magboluntaryo sa paaralan ng aking mga anak?* .......... 28


6. *Ano ang magagawa ko sa tahanan para matulungan ang pag-aaral ng aking mga anak?* .......... 28

7. *Ano ang magagawa ko para tulungang magplano ang aking mga anak para sa kanilang mga buhay pagkatapos ng high school?* .......... 32

**IX. Edukasyon ng Nasa Sapat na Gulang** ______ 33

1. *Saan ako makakapunta upang matuto ng Ingles o makakuha ng ibang mga klase?* .......... 33

# I. ANG SISTEMA NG PAARALAN NG ESTADOS UNIDOS



Sa Illinois, ang lahat ng mga anak mula sa edad na 7 hanggang 17 ay dapat pumasok sa paaralan. Ang taon ng pagpasok sa paaralan ay nagsisimula ng huli ng Agosto o maaga ng Setyembre at nagtatapos ng Hunyo. Mayroong halos tatlong buwang bakasyon sa tag-init sa Hunyo, Hulyo at Agosto.

Sa Estados Unidos mayroong mga pampubliko at pribadong paraalan. Ang mga pampublikong paaralan ay libre at ang mga pribadong paaralan ay sumisingil ng tinatawag na matrikula. Ang ilan sa mga salapi na ibinabayad para sa mga pampublikong paaralan ay nagmumula sa mga buwis ng ari-arian sa inyong komunidad. Kung kayo ang may-ari ng inyong tahanan, ang bahagi ng mga buwis ng inyong ari-arian ay tumutulong magbayad para sa mga pampublikong paaralan. Kung kayo ay umuupa ng apartment, ang may-ari ng gusali ang nagbabayad ng mga buwis ng ari-arian. Ginagamit ng may-ari ng gusali ang bahagi ng inyong renta para sa mga buwis na ito. Tumutulong din ang pamahalaan na magbayad para sa mga pampublikong paaralan gamit ang ibang salapi.

## 1. Paano inaayos ang mga paaralan sa aking lungsod?

### Mga Distrito at Lupon ng Paaralan

Sa Estados Unidos, ang mga pampublikong paaralan ay hinahati sa mga distrito. Ang ilan sa mga distrito ng paaralan ay kinabibilangan lamang ng isang lungsod o bayan, ngunit ang ibang mga distrito ay kinabibilangan ng mahigit sa isang lungsod o bayan.

Ang bawat distrito ng paaralan ay mayroong isang lupon ng paaralan. Ang mga miyembro ng lupon ng paarlan ay nakatira sa distrito ng kanilang paaralan. Ang lupon ng paaralan ay gumagawa ng mga pagpapasiya tungkol sa mga paaralan sa distrito. Halimbawa, ang lupon ng paaralan ang nagpapasiya kung kailangan magtayo ang distrito ng mga bagong paaralan. Pumipili rin ng isang superintendente ang lupon ng paaralan. Ang superintendente ay ang direktor ng distrito ng paaralan.

## 2. Anong uri ng mga paraalan ang mayroon sa Estados Unidos?

Mayroong iba't-ibang uri ng mga paaralan sa Estados Unidos.

**Pre-school (edad 3 o 4):** Ang ilan sa mga bata ay pumapasok sa pre-school. Sa pre-school, ang mga bata ay nakikipaglaro sa ibang mga bata at natututong makinig sa guro. Sa pre-school ang mga bata ay bumubuo ng mga kakayahan na tumutulong sa kanila upang maging mahusay kapag sila ay pumasok sa kindergarten. Karaniwang pumapasok ng ilang mga oras ang mga bata sa isang araw para sa 2, 3 o 5 araw kada linggo. Hindi lahat ng paaralan ay mayroong pre-school. Ang ilan sa mga pre-school ay libre at ang iba ay sumisingil ng matrikula.

**Kindergarten (may edad na 5):** Kung ang mga bata ay 5 taong gulang sa o bago ang Setyembre 1, maaari silang pumasok sa kindergarten. Hindi kailangan pumasok sa kindergarten ang mga bata, ngunit ang karamihan sa mga bata ay pumapasok sa kindergarten. Pumapasok sila sa kindergarten ng Lunes hanggang Biyernes. Karamihan sa mga klase ng kindergarten ay kalahating araw, at ang ilan ay buong araw.

**Baitang 1 hanggang 8 (Elementarya/Middle/Junior High School):** Ang mga taon ng pagpasok sa paaralan sa Estados Unidos ay tinatawag na “mga baitang”. Ang mga bata ay pumapasok sa paaralan nang 5 ½ hanggang 7 oras bawat araw mula Lunes hanggang Biyernes. Karaniwang nasa isang silid-aralan ang mga mas bata at mayroong isang guro para sa buong taon ng pagpasok sa paaralan. Ang mas matandang mga mag-aaral ay karaniwan mayroong 6 hanggang 8 iba't-ibang mga klase sa umaga. Maaari silang magpalit ng iba't-ibang mga silid at maaari silang magkaroon ng iba't-ibang mga guro para sa bawat subject. Ang mga paaralan para sa mga bata na nasa baitang 5 o 6 hanggang 8 ay tinatawag na mga Middle School o Junior High School.

**Baitang 9 hanggang 12 (High School):** Ang mga bata ay karaniwang pumapasok sa high school sa edad na 14 at nagtatapos sa edad na 18. Ang mga mag-aaral sa high school ay nagpapalit ng mga silid-aralan at mayroong iba't-ibang mga guro sa umaga. Inihahanda ng high school ang mga mag-aaral para sa mga trabaho o para mag-aral sa isang community college o unibersidad.

**Mga Programa Bago at Pagkatapos ng Klase:** Ang ilan sa mga paaralan ay mayroong mga programa para sa pangangalaga sa bata bago ang klase. Sa mga paaralan na ito, maaaring dalhin ng mga magulang ang kanilang mga anak sa paaralan bago magsimula ang klase. Ang ilang mga paaralan ay mayroon ding mga programa para sa mga bata pagkatapos ng klase. Sa mga paaralan na ito, ang mga bata ay maaaring magpatala sa isang programa pagkatapos ng klase para sa musika, isports, tulong sa homework, o ibang mga gawain. Ang ilan sa mga paaralan ay sumisingil ng bayad para sa mga programang ito.

Dapat ninyong ipatala ang inyong mga anak sa mga espesyal na programa at ibigay ang inyong nakasulat na pahintulot bago pumasok ng maaga o magtagal ang inyong anak pagkatapos ng klase.

**Klase sa Tag-init:** Marami sa mga paaralang elementarya at high school ang nag-aalok ng klase sa tag-init. Ang ilan sa mga klase sa tag-init ay para sa mga mag-aaral na kailangan ng karagdagang tulong sa paaralan. Ang ilan sa mga klase ay para sa mga espesyal na gawain o paksa, tulad ng mga klase sa kompyuter. Maaaring may bayad ang klase sa tag-init.

**Pagkatapos ng High School:** Ang mga mag-aaral na nagtapos mula sa high school ay maaaring piliing magtrabaho o sumali sa militar. Maaaring gustuhin din nilang ipagpatuloy na mag-aral sa mga bokasyonal na paaralan, mga community college, o 4 na taong kolehiyo o unibersidad.

Mayroong maraming mga pribado at pampublikong 4 na taong kolehiyo at unibersidad sa Estados Unidos. Ang mga pribado at pampublikong unibersidad at kolehiyo ay maaaring napakamahal. Maaaring mag-apply ang mga mag-aaral para sa mga scholarship at panghihiram ng salapi upang makatulong na mabayaran ang kanilang pag-aaral. Ang ilan sa mga kabataan ay sumasali sa militar upang makakuha ng libreng pag-aaral.

Ang mga community college ay 2 taong pampublikong paaralan na pinopondohan ng mga buwis ng ari-arian at ng pamahalaan. Ang mga ito ay mas mura kaysa sa pribado o pampublikong mga unibersidad. Pagkatapos pumasok sa isang community college para sa 2 taon, maaaring tumanggap ng isang Associate of Arts na degree ang mga mag-aaral o lumipat sa isang 4 na taong unibersidad upang ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral.

## 3. Mayroon bang mga paraalan para sa mga mag-aaral na hindi nakatapos ng high school?

Dapat pumasok sa baitang 1 hanggang 12 ang mga bata upang makapagtapos ng high school. Napakahalagang magtapos ng high school. Karamihan sa mga unibersidad at employer ay humihingi ng isang diploma ng high school. Ngunit ang ilan sa mga mag-aaral ay iniiwanan ang high school bago sila makapagtapos. Hindi sila nagtatapos ng pag-aaral. Mayroong iba't-ibang mga programa para sa mga mag-aaral na ito:

**Mga Panggabing Klase:** Ang ilan sa mga high school ay mayroong mga panggabing klase para sa mga mag-aaral na hindi tinapos ang pag-aaral.

**Alternatibong High School:** Ang ilan sa mga distrito ay mayroong alternatibong mga high school. Karaniwang mga maliliit na paaralan ang mga ito sa ibang gusali mula sa regular na high school.

**Mga Klase para sa GED:** Mayroong mga pang-umaga at panggabing klase upang tulungan ang mga nasa sapat na gulang na ipasa ang General Educational Development o Pangkalahatang Pang-edukasyong Pag-unlad (GED) na mga pagsusulit. Maaaring gamitin ng mga nasa sapat na gulang ang GED bilang isang diploma ng high school. Karamihan sa mga unibersidad at employer ay tumatanggap ng GED. Ang mga lokal na sangay ng mga pampublikong aklatan ay karaniwang mayroong impormasyon tungkol sa mga klase para sa GED.

# II. PAGPAPATALA SA PAARALAN




## 1. Paano ko maipapatala ang aking mga anak sa paaralan? Anong mga papel ang kailangan ko?

**Mga papel na kakailanganin ninyo para sa pagpapatala:**

- Katibayan ng petsa ng kapanganakan kung mayroon (katibayan ng kapanganakan ng bata)
- Social Security Number, kung mayroon lamang (opsyonal)
- Mga Dokumento sa Kalusugan: Ang paaralan ay mayroong mga medikal at pang-ngipin na mga form na kailangan ninyong punan at ibalik sa paaralan.
- Katibayan ng tirahan: (halimbawa, bayarin ng tubig, kuryente, telepono o gas, pag-upa ng apartment, account sa sangla o katibayan ng pagmamay-ari ng bahay, pay check o pay stub, sulat na may tirahan, titulo ng sasakyan o card sa pagkakarehistro, balidong lisensya sa pagmamaneho sa illinois, o apidabit na may notaryo (sinumpaang pahayag) ng paninirahan)
- Mga transcript mula sa dating (mga) paaralan kung mayroon. Halimbawa, maaaring magkaroon ng mga talaan ang mga magulang mula sa ibang mga paaralan sa Estados Unidos o mula sa mga paaralan sa kanilang sariling bansa.

Humingi sa paaralan ng listahan ng mga dapat dalhin na papel para sa pagpapatala.

Hihilingin sa inyo ng paaralan na kumpletuhin ang mga form ng may impormasyon tungkol sa inyong anak at pamilya. Kinukumpleto ang Sarbey ng Wika sa Tahanan para sa lahat ng mga bagong mag-aaral. Tinatanong ng

Sarbey ng Wika sa Tahanan kung ang isang tao sa inyong tahanan o ang inyong anak ay nagsasalita ng ibang wika. Nagbibigay ng mga pagsusulit sa Ingles ang mga paaralan sa mga bata na nagmula sa mga tahanan kung saan may ibang sinasalitang wika maliban sa Ingles. Ang mga mag-aaral na hindi marunong ng Ingles ay inilalagay sa mga klase na tulad ng bilingguwal na edukasyon o English as a second language o ang Ingles bilang pangalawang wika (ESL).

## 2. Aling mga medikal na form at pagsusuri ang kailangan ng aking mga anak bago sila makapagsimulang mag-aral?

Kapag nagsimulang pumasok sa paaralan ang mga bata sa unang pagkakataon, dapat silang magkaroon ng pisikal na pagsusuri. Pupunan ng doktor ang isang medikal na form. Ang medikal na form ay kinabibilangan ng mga talaan ng imunisasyon. Dapat ding magkaroon ng isang pagsusuri ang mga bata kapag pumapasok sila sa kindergarten o ika-1, ika-6 at ika-9 na baitang. Kung walang mga kinumpletong kinakailangan na medikal na form ang mga bata, hindi sila pahihintulutang pumasok kapag nagsimula na ang klase.

**Mga Imunisasyon:** Ang lahat ng mga mag-aaral ay dapat magkaroon ng mga imunisasyon (mga bakuna) para sa mga sumusunod na sakit:

- Diphtheria-pertussis-tetanus (DPT)
- Polyo
- Tigdas
- Rubella (German measles o tigdas)
- Beke
- Hepatitis B (para sa mga batang pumapasok sa preschool o ika-5 baitang o mas mataas pa)
- Haemophilus influenza na type B (para sa mga bata na pumapasok sa preschool)
- Varicella (Bulutong-tubig) (para sa mga bata na pumapasok sa preschool hanggang ika-10 baitang)
- Katibayan ng Tdap (DPT na booster) (para sa mga batang pumapasok sa ika-6 at ika-9 na baitang)

## 3. Paano kung nagkaroon ng mga imunisasyon na ito ang aking mga anak sa aming sariling bansa o sa ibang estado?

Kung ang isang bata ay nagkaroon ng mga imunisasyon na ito sa ibang bansa o estado, kailangang magpakita ng isang medikal na talaan ang mga magulang sa doktor sa pisikal na pagsusuri sa anak. Kung walang medikal na talaan ng mga imunisasyon, kailangang magkaroon muli ng mga bakuna ang bata.

## 4. Kailangan bang magpatingin ang aking mga anak sa isang dentista bago magpatala?

Kailangan ng mga bata ng pagsusuri sa ngipin bago sila magsimula sa kindergarten, ika-2 at ika-6 na baitang. Dapat kumpletuhin ng dentista ang isang form sa pagsusuri ng ngipin para sa paaralan.

## 5. Ano pang ibang mga pagsusuri ang kailangan ng aking mga anak?


Ang mga bata na pumapasok sa kindergarten o nagpapatala sa mga paaralan ng Illinois sa unang pagkakataon ay kailangan ng pagsusuri sa mata. Ang mga batang pumapasok sa preschool ay hindi kailangan ng pagsusuri sa mata. Ang isang medikal na doktor na nagbibigay ng pangangalaga sa mata o isang lisensyadong optometrist ang dapat magsagawa ng pagsusuri.

Sa karamihan ng mga paaralang elementarya, ang mga bata ay nakakatanggap ng mga pagsusuri para sa mga problema sa paningin (mata), pandinig (tainga), at likuran. Ang mga batang nagsasalamin ay hindi makakatanggap ng isang pagsusuri sa paningin. Kung ang pagsusuri ay magpapakita ng problema ng bata sa paningin, pandinig, o likuran, magpapadala ng isang sulat ang paaralan sa mga magulang ng bata. Kung makakatanggap kayo ng isang sulat mula sa paaralan, kung gayon dapat ninyong dalhin ang inyong anak sa isang doktor o klinika para sa isang kumpletong pagsusuri.

## 6. Saan kami maaaring pumunta para sa isang pisikal na pagsusuri?

Ang mga bata ay maaaring magkaroon ng mga pisikal na pagsusuri at imunisasyon sa tanggapan ng isang doktor o sa isang klinika. Ang lahat ng mga paaralan ay mayroong impormasyon tungkol sa libre o mababang halagang mga pagsusuri at imunisasyon.

# III. ANG KALENDARYO NG PAARALAN AT ANG ARAW NG PAGPASOK




## 1. Gaano katagal sa paaralan ang aking mga anak bawat araw?

Karamihan sa mga paaralan ay nagsisimula sa huli ng Agosto o maaga ng Setyembre at nagtatapos sa una o ikalawang linggo ng Hunyo. Ang ilan sa mga paaralan ay buong taon. Ang araw ng pagpasok ay karaniwang humigit-kumulang na 5 1/2 hanggang 7 oras ang haba. Karaniwang kumakain ng tanghalian ang mga mag-aaral sa paaralan. Ang ilan sa mga bata ay nagdadala ng tanghalian sa paaralan. Sa ilang mga paaralan, ang mga bata ay maaaring bumili ng kanilang tanghalian sa paaralan.

## 2. Mayroon bang mga piyesta opisyal o espesyal na araw kapag ang mga bata ay wala sa paaralan?

Karamihan sa mga paaralan ay mayroong dalawang linggong bakasyon sa taglaming mula sa huli ng Disyembre hanggang sa unang linggo ng Enero. Mayroon din silang isang linggong bakasyon sa tagsibol. Ang ilan sa mga pambansang piyesta opisiyal na maaaring sarado ang mga paaralan ay:

- Labor Day: ang unang Lunes sa Setyembre
- Thanksgiving: ang pang-apat na Huwebes sa Nobyembre
- New Year's Day: ika-1 ng Enero
- Martin Luther King Day: ang pangatlong Lunes sa Enero

- Presidents' Day: ang pangatlong Lunes sa Pebrero
- Memorial Day: ang pang-apat na Lunes sa Mayo


Ang mga paaralan ay sarado para sa ibang mga araw din. Ang mga paaralan ay nagtatakda ng kanilang sariling mga piyesta opisyal. Mayroong ilang mga espesyal na pagpupulong para sa mga guro sa mga Araw ng Paaralan. Kung minsan walang pasok sa mga Araw ng Paaralan, at sa ibang mga pagkakataon ang mga bata ay umuuwi ng maaga. Kapag umuuwi ng maaga ang mga bata, ito ay tinatawag na maagang pagpapalabas (early release). Inililista ng kalendaryo ng paaralan kung kailan mananatili sa tahanan ang mga bata para sa mga Araw ng Paaralan, piyesta opisyal, bakasyon, o mayroong maagang pagpapalabas (early release). Kung kailangang manatili ng inyong anak sa tahanan para sa isang piyesta opisyal ng relihiyon kapag hindi sarado ang paaralan, tumawag sa paaralan upang iulat ang pagliban ng inyong anak.

**Mga Pagsasara ng Paaralan:** Minsan ang mga paaralan ay nagsasara kapag ang panahon ay napaka-sama. Halimbawa, kung mayroong napakaraming niyebe sa labas o kung mayroong isang buhawi, dapat magsara ang paaralan. Maaari kayong makinig sa radyo o manood ng mga balita sa telebisyon sa umaga upang tingnan kung ang mga paaralan ng inyong mga anak ay sarado.

## MAKAKATULONG NA MUNGKAHI

**Humingi ng isang kalendaryo ng paaralan kapag ipinatala ang inyong anak.**

# IV. PAGPASOK SA PAARALAN





**1. Paano makakapasok at makakauwi ang mga bata mula sa paaralan sa bawat araw?**

Ang mga bata na nakatira malapit sa paaralan ay karaniwang naglalakad papasok sa paaralan. Ang mga bata na nakatira malayo mula sa paaralan ay karaniwang sumasakay sa isang bus ng paaralan o sumasakay sa pampublikong sasakyan. Ang mga bus ng paaralan ay libre o mababa ang halaga. Kung ang inyong anak ay sumasakay sa bus ng paaralan, kailangan ninyong malaman:

- ang numero ng bus ng paaralan
- ang lugar kung saan sumasakay ang inyong anak sa bus
- ang oras ng pagsakay ng inyong anak sa bus
- ang lugar kung saan bumababa ang inyong anak mula sa bus
- ang oras kung kailan bumababa ang inyong anak mula sa bus

# V. MGA PAMAMARAAN NG PAARALAN



## 1. Ano ang dapat kong gawin kung may sakit ang aking anak?

Kung ang mga bata ay may sakit, dapat silang manatili sa tahanan. Minsan pinapapasok ng mga magulang ang may sakit na anak dahil kailangan nilang pumasok sa trabaho at hindi sila makakatigil sa tahanan kasama ang bata. Ngunit madalas mahawahan ng may sakit na bata ang ibang mga bata sa paaralan. Hindi gusto ng karamihan sa mga paaralan na papasukin ng mga magulang ang kanilang anak kung:

- ang bata ay mayroong lagnat na 100° F o mas mataas
- ang bata ay sumuka sa gabi o umaga bago pumasok
- ang bata ay ubo ng ubo
- ang bata ay mayroong pantal sa balat o mga sugat
- ang bata ay mayroong kuto (Dapat hugasan ng mga magulang ang buhok ng kanilang anak ng isang espesyal na shampoo at alisin ang mga itlog ng kuto mula sa buhok. Pagkatapos nito, maaari ng bumalik ang bata sa paaralan.)
- ang bata ay mayroong bulutong-tubig (Ang bata ay dapat manatili sa tahanan para sa 7 araw pagkatapos magsimula ang bulutong-tubig.)
- ang bata ay namamaga ang lalamunan (Ang bata ay maaaring bumalik sa paaralan pagkatapos uminom ng isang antibyotiko para sa 24 hanggang 48 oras.)
- ang bata ay mayroong scarlet fever (Ang bata ay maaaring bumalik sa paaralan pagkatapos uminom ng isang antibyotiko para sa 24 hanggang 48 oras.)
- ang bata ay namamaga ang conjunctiva ng mata (pamumula ng mata)

Karaniwang nagpapadala ng isang sulat ang mga paaralan sa mga magulang kung ang isang mag-aaral sa kanilang silid-aralan ay mayroong nakakahawang sakit tulad ng bulutong-tubig, namamaga ang lalamunan, scarlet fever, o kuto. Sasabihin sa inyo ng sulat na ito kung ano ang dapat tingnan nang sa gayon malalaman ninyo kung mayroong sakit ang inyong anak.

## 2. Paano kung kailangan uminom ng gamot ang aking anak sa paaralan?

Hindi dapat magpadala ng mga gamot ang mga magulang sa mga anak maliban kung ito ay talagang kinakailangan. Ang mga bata ay hindi pinapahintulutang uminom ng gamot nang mag-isa sa paaralan. Kung kinakailangang uminom ng gamot ang bata sa paaralan, dapat sumulat ang mga magulang sa nars ng paaralan. Dapat dalhin ng bata ang gamot sa tanggapan ng nars. Ang ilan sa mga paaralan ay maaaring kailanganin ang isang sulat ng doktor.

Ang mga magulang ay dapat magpadala ng gamot sa paaralan sa orihinal na bote ng parmasya, hindi sa isang supot o isang sobre. Ang bote ay dapat mayroong etiketa na may:

- pangalan ng bata
- pangalan ng doktor
- pangalan ng gamot
- gaano karami at kailan dapat ibigay ang gamot

Dapat pumunta ang bata sa tanggapan ng nars upang inumin ang gamot.

## 3. Sino ang matatawagan ko kung mayroon akong mga katanungan tungkol sa kalusugan ng aking anak?

Kung mayroon kayong katanungan tungkol sa kalusugan ng inyong anak sa paaralan, tawagan ang nars o kawani sa kalusugan ng paaralan. Kung kayo ay nag-uulat ng isang pagliban, tawagan ang kalihim ng paaralan.

## 4. Paano ako maaabot ng paaralan kung magkakasakit ang aking anak o maaaksidente sa paaralan?

Kung ang inyong anak ay magkakasakit o maaaksidente sa paaralan, tatawag ang paaralan sa inyo o sa taong nasa Emergency Card.

**Impormasyon sa Emergency Card:** Ibibigay sa inyo ng paaralan ang impormasyon na ito kapag ipinatala ninyo ang inyong mga anak sa paaralan. Sa

Emergency Card, isulat ang pangalan at numero ng telepono ng taong tatawagan kung ang inyong anak ay magkakasakit o maaaksidente sa paaralan. Napakahalagang punan ang emergency card para sa bawat anak at ibalik ito sa paaralan.

Mahalagang isulat ang:

- numero ng telepono kung nasaan kayo sa umaga
- ang pangalan at numero ng telepono ng isang kamag-anak o malapit na kaibigan
- ang pangalan at numero ng telepono ng doktor o klinika ng inyong anak
- anumang espesyal na pangkalusugang pangangailangan na mayroon ang inyong anak

Kung magbabago ang mga impormasyong ito sa anumang oras, makipag-ugnayan sa paaralan at punan ang isang bagong Emergency Card.

**Paglipat:** Kung kayo ay lilipat sa ibang apartment o bahay, dapat kayong makipag-ugnayan sa paaralan at ibigay sa kanila ang bagong tirahan at numero ng telepono. Dapat ninyong punan ang isang bagong Emergency Card.

## 5. Kung mahuhuli o liliban sa pagpasok ang aking anak, ano ang dapat kong gawin?

**Huli Sa Pagpasok:** Ang mga bata ay hindi dapat mahuli sa pagpasok. Ang mga bata ay dapat pumasok sa oras. Kung mahuhuli ang mga bata, mamarkahan sila ng guro bilang nahuli. Dapat ninyong tawagan ang paaralan sa umaga kung ang inyong anak ay mahuhuli. O maaari kayong magpadala ng isang sulat sa paaralan kasama ang inyong anak.

**Pagliban Sa Pagpasok:** Kapag hindi makakapasok ang inyong anak, tawagan araw-araw ang paaralan sa umaga nang maaga bago magsimula ang klase. Ang ilan sa mga paaralan ay mayroong voice mail. Maaring mag-iwan ng isang mensahe ang mga magulang sa voice mail ng paaralan.

Kapag tatawag kayo sa paaralan, dapat ninyong sabihin ang mga sumusunod na impormasyon:

- ang pangalan ng inyong anak
- ang baitang at guro ng inyong anak
- bakit liliban ang inyong anak sa pagpasok
- ang inyong pangalan at numero ng telepono

Kung minsan kinukuha ng mga magulang ang kanilang anak sa umaga bago matapos ang klase. Kailangan nilang dalhin ang kanilang mga anak sa doktor o dentista sa umaga. Kung gusto ninyong kunin ang inyong mga anak sa paaralan, dapat kayong sumulat sa guro. Dapat dalhin ng inyong anak ang sulat sa guro sa umaga. Dapat sabihin sa sulat kung:

- bakit ninyo kinukuha ang inyong anak sa paaralan
- anong oras ninyo kukunin ang inyong anak sa paaralan
- ang pangalan ng taong susundo sa inyong anak kung siya ay hindi isang magulang o tagapag-alaga

Kapag pumupunta kayo sa paaralan upang sunduin ang inyong anak, pumunta sa tanggapan at hanapin ang inyong anak. Hihilingin sa inyo ng paaralan na pumirma sa isang papel upang makaalis ang inyong anak.

**Mga Bakasyon ng Pamilya:** Hindi dapat isama ng mga magulang ang kanilang mga anak sa bakasyon sa panahong may pasok. Ang mga magulang ay dapat magkaroon ng bakasyon ng pamilya sa panahon ng bakasyon sa paaralan. Kung dapat kayong magbakasyon sa panahong may pasok, dapat kayong makipag-usap sa guro ng inyong anak bago kayo umalis.

**Gawain para sa Pagliban sa Pagpasok:** Ang mga bata na lumiban sa pagpasok ay dapat gawin ang mga gawain sa paaralan at mga homework na hindi nila nagawa. Kung ang isang bata ay lumiban mula sa pagpasok nang mahigit sa 2 araw, nais ng karamihan sa mga paaralan na tumawag ang mga magulang sa paaralan upang kunin ang gawain para sa pagliban sa pagpasok. Kayo o ang inyong anak ay maaaring pumunta sa klase ng bata para kunin ang gawain para sa pagliban sa pagpasok.

## 6. Maaari ko bang bisitahin ang paaralan ng aking anak?

**Pagbisita sa Paaralan:** Malugod na tinatanggap ang mga magulang upang bisitahin ang paaralan ng kanilang mga anak. Kapag bumisita kayo sa paaralan, dapat muna kayong pumunta sa tanggapan para sa visitor's pass. Maaari ninyong bisitahin ang silid-aralan ng inyong mga anak, ngunit hindi kayo maaaring makipag-usap sa guro sa panahon ng klase.

## 7. Kailangan ko bang magbayad sa paaralan para sa anuman?

Kung nais makipag-usap ng mga magulang sa guro, dapat silang gumawa ng isang appointment nang maaga.

Mayroong mga bayarin para sa ilang mga gawain o materyales sa paaralan:

**Mga bayarin sa libro:** Mayroong mga bayarin sa libro para sa mga aklat-aralin. Kung ang bayarin sa libro ay napakamahal para bayaran ng isang pamilya, maaaring makipag-usap ang mga magulang sa paaralan tungkol sa binawasan o ipinaubayang mga bayarin. Dapat ingatan mabuti ng inyong anak ang mga libro. Sa katapusan ng taon ng pagpasok sa paaralan, dapat isauli ng inyong anak ang ilan o ang lahat ng mga libro sa paaralan.

**Mga karagdagang gawain:** Minsan mayroong mga bayarin para sa mga karagdagang gawain tulad ng isports, mga aralin sa musika, o mga akademiko o panlipunang club. Marami sa mga gawain na ito ay bago at pagkatapos ng pagpasok sa paaralan.

**Mga Field Trip:** Minsan ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng mga field trip sa mga museo, zoo, at ibang lugar. Dapat pumirma ng isang pahintulot ang mga magulang bago makasama ang bata sa field trip. Minsan mayroong maliit na bayarin upang makatulong na magbayad para sa field trip. Minsan ang mga magulang ay inaalok ng isang pagkakataon upang magboluntaryong sumama sa field trip upang tulungan ang guro na bantayan ang mga batang nasa paglalakbay.

**Mga Tanghalian:** Kung hindi magdadala ng tanghalian ang mga bata sa paaralan, karaniwan silang maaaring bumili ng tanghalian sa paarlan. Ang karamihan sa mga paaralan ay mayroong libre o mababang halaga ng programa sa tanghalian para sa mga magulang na hindi makayanang magbayad. Dapat punan ng mga magulang ang isang form tungkol sa kita ng kanilang pamilya para makatanggap ng libre o mababang halagang mga tanghalian ang kanilang mga anak.

## 8. Sino ang matatanong ko tungkol sa mga pamamaraan ng paaralan kung mayroon akong tanong?

Maaari ninyong tawagan ang kalihim ng paaralan o ang guro ng inyong anak kung kayo ay mayroong mga katanungan tungkol sa mga pamamaraan ng paaralan.

# VI. MGA TAONG NAGTATRABAHO SA MGA PAARALAN



## 1. Sino ang mga taong nagtatrabaho sa mga tanggapan ng distrito ng paaralan at sa mga paaralan?

Ang mga tauhan ng paaralan ay ang mga taong nagtatrabaho sa mga paaralan. Mayroong tatlong mga uri ng mga tauhan ng paaralan: mga administrador, guro, at kawani sa suporta.

Ang ***mga administrador*** ay hindi nagtuturo sa mga mag-aaral. Sila ang namamahala sa mga paaralan. Mayroong iba't-ibang uri ng mga administrador:

- *Superintendente*: Ang superintendente ang administrador ng distrito ng paaralan.
- *Punong-guro:* Ang bawat paaralan sa distrito ay mayroong punong-guro na siyang administrador ng paaralan.
- *Katulong na Punong-guro:* Minsan ang mga paaralan ay mayroong mga katulong upang tulungan ang mga punong-guro.

Ang ***mga guro*** ang nagtuturo sa mga mag-aaral sa paaralan. Mayroong maraming iba't-ibang mga uri ng guro:

- *Guro ng Homeroom o Pangkat*: Sa middle, junior high at high school, ang mga mag-aaral ay nakikipagpulong sa kanilang guro ng homeroom o

Pangkat para sa unang 10 o 15 minuto ng bawat araw ng pagpasok sa paaralan. Sa panahon ng homeroom, ang mga mag-aaral ay nakikinig sa mga anunsyo at kumukuha ng impormasyon tungkol sa araw ng pagpasok sa paaralan.

- *Guro ng Silid-aralan:* Sa kindergarten hanggang ika-5 o ika-6 na baitang, ang mga mag-aaral ay karaniwang nananatili sa kanilang guro sa silid-aralan sa panahon ng araw ng pagpasok sa paaralan. Ang guro ng silid-aralan ay karaniwang nagtuturo ng maraming subject tulad ng pagbabasa, matematika, at agham.

- *Bilingguwal na Guro:* Ang bilingguwal na guro ay nagtuturo ng mga subject sa katutubong wika ng mga mag-aaral at sa Ingles.

- *Guro ng English as a Second Language (ESL) o Ingles bilang Pangalawang Wika:* Ang Guro ng ESL ay nagtuturo ng Ingles sa mga mag-aaral na hindi gaanong nagsasalita ng Ingles.

- *Guro sa Espesyal na Edukasyon:* Ang guro sa espesyal na edukasyon ay nagtuturo sa mga mag-aaral na may kapansanan na may mga espesyal na pangangailangan.

- *Guro sa Likas na Matalinong Mag-aaral:* Ang guro sa likas na matalinong mag-aaral ay nagtuturo ng mga klase na may mas mahirap na gawain.

- *Guro sa Musika:* Ang guro sa musika ay nagtuturo ng ritmo, pagkanta at kung paano tumugtog ng isang musikal na instrumento.

- *Guro sa Sining:* Ang guro sa sining ay nagtuturo ng pagpipinta, pagguhit, pagmomolde ng clay, at ibang mga sining.

- *Guro sa Gym o Pisikal na Edukasyon (PE):* Ang guro sa gym o P.E. ay nagtuturo ng pisikal na edukasyon tulad ng mga isports at ehersisyo.

- *Katiwala ng Aklatan:* Ang katiwala ng aklatan ay nagtuturo ng tungkol sa aklatan at tinutulungan ang mga mag-aaral na manghiram ng mga libro mula sa aklatan.

- *Guro sa Pagsasalita:* Ang guro sa pagsasalita ay tinutulungan ang mga mag-aaral na mayroong mga problema sa pagbigkas at pagsasalita.

Ang ***Kawani sa Suporta*** ang tumutulong sa mga administrador at guro na gawin ang kanilang trabaho. Ang ilan sa mga kawani sa suporta ay:

- *Kalihim ng Paaralan:* Ang kalihim ang sumasagot ng telepono, nagta-type ng mga sulat, bumabati sa mga bisita sa paaralan, at tumutulong sa punong-guro.

- *Nars ng Paaralan o Kawani sa Kalusugan:* Ang nars ng paaralan o kawani sa kalusugan ang nangangalaga sa may sakit na mga bata sa paaralan.

- *Social Worker o Tagapayo:* Ang social worker o tagapayo ang tumutulong sa mga mag-aaral na may mga problema sa paaralan o sa tahanan. Ang social worker ay maaaring makipagtulungan sa bata, magulang o sa buong pamilya. Halimbawa, maaaring tulungan ng isang social worker ang isang pamilya na ang anak ay sumali sa isang gang. Sa high school, tinutulungan ng tagapayo ang mga mag-aaral na pumili ng mga klase at binibigyan sila ng impormasyon tungkol sa mga kolehiyo at trabaho.

## 2. Sino ang makakausap ko sa paaralan tungkol sa aking anak?

Sa paaralan ng elementarya, makipag-usap muna sa guro ng silid-aralan ng inyong anak. Tutulungan niya kayo o sasabihin niya sa inyo kung sino ang makakatulong sa inyo.

Sa middle, junior high o high school, maaari ninyo munang tawagan ang guro ng inyong anak sa homeroom.

Sa simula ng taon ng pagpasok sa paaralan, punan ang impormasyon sa tsart na ito tungkol sa inyong mga anak:

| Pangalan ng Anak | Pangalan ng Paaralan | Numero ng Telepono ng Paaralan | Baitang | Pangalan ng Guro |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

# VII. MGA PROGRAMA SA PAGTUTURO



**1. Kung hindi gaano nakakapagsalita ng Ingles ang aking anak, ano ang magagawa ng mga paaralan upang makatulong?**

Ang mga mag-aaral na mayroong kahirapan sa pagsasalita o pagbabasa ng Ingles ay maaaring kumuha ng English as a second language (ESL) o Ingles bilang Pangalawang Wika o bilingguwal na klase sa paaralan. Ang ESL na mga klase ay tinuturuan ang mga mag-aaral na magsalita, magbasa at magsulat sa Ingles. Ang mga bilingguwal na klase ay itinuturo sa katutubong-wika ng mga mag-aaral at sa Ingles. Ang mga bilingguwal na klase ay nagtuturo ng mga subject tulad ng matematika, agham at araling panlipunan gayundin ang Ingles.
Kapag unang nagpatala ang mga mag-aaral sa paaralan, pinupunan ng mga magulang ang Sarbey ng Wika sa Tahanan upang ipakita kung ang isang wika maliban sa Ingles ay sinasalita sa kanilang tahanan. Ang mga mag-aaral na nagmula sa isang tahanan kung saan sinasalita ang ibang wika ay kumukuha ng isang pagsusulit para sa pagsusuri sa wikang Ingles. Tinutulungan ng pagsusulit na ilagay ng paaralan ang mga mag-aaral sa mga tamang klase. Ang mga mag-aaral na mayroong kahirapan sa Ingles ay nagpapatala sa bilingguwal o ESL na mga programa at kumukuha ng pagsusulit bawat taon na tinatawag na ACCESS for ELLs®. Karaniwang kumukuha ang mga mag-aaral ng ESL o bilingguwal na mga klase hanggang maabot nila ang estado ng antas sa kakayahan sa Ingles sa taunang pagsusulit. Maaaring sabihin ng mga magulang sa paaralan na alisin ang kanilang mga anak sa ESL o bilingguwal na mga klase, kung sa palagay nila na ito ang pinakamabuti, ngunit ang mga bata ay magpapatuloy na kumuha ng taunang ACCESS for ELLs® na pagsusulit hanggang maabot nila ang estado ng antas sa kakayahan sa Ingles.

## 2. Ano ang mga subject na pinag-aaralan ng aking mga anak sa paaralang elementarya?

Ang kurikulum ng paaralan ang pinag-aaralan ng mga bata sa paaralan. Sa mga paaralang elementarya, ang mga bata ay nag-aaral ng maraming iba't-ibang mga subject:

- pagbabasa, sining ng wika, at matematika (araw-araw)
- kalusugan, agham, araling panlipunan (2 hanggang 5 beses sa isang linggo)
- sining, pisikal na edukasyon, aklatan, musika (1 hanggang 2 beses sa isang linggo)

Sa paaralang elementarya, ang bawat klase ay tumatagal ng humigit-kumulang na 30 o 40 minuto. Mayroon ding recess o oras ng pamamahinga ang mga bata sa paaralang elementarya. Sa panahon ng recess o oras ng pamamahinga, karaniwang naglalaro ang mga bata sa labas sa palaruan ng paaralan. Ang recess o oras ng pamamahinga ay humigit-kumulang 15 minuto.

## 3. Ano ang mga subject na pinag-aaralan ng aking mga anak sa middle school o junior high school?

Sa middle school o junior high school, karaniwang nagpapalit ng mga silid ang mga bata para sa mga klase. Karaniwan silang mayroong iba't-ibang mga guro sa umaga. Karaniwan silang nananatili sa gusali sa umaga at walang recess o oras ng pamamahinga. Ang mga subject na pinag-aaralan nila ay:

- Pagbabasa at Sining ng Wika
- Pisikal na Edukasyon at Kalugusan
- Agham
- Araling Panlipunan
- Mga Banyagang Wika (halimbawa Espanyol o Pranses)
- Musika
- Matematika
- Kompyuter
- Sining

## 4. Ano ang mga subject na pinag-aaralan ng aking mga anak sa high school?

Ang mga mag-aaral sa high school ay kumukuha ng kinakailangan at elektibong mga kurso. Ang mga kinakailangang kurso ay mga subject na kailangang kunin

ng lahat ng mga mag-aaral upang magtapos. Halimbawa, ang Ingles at matematika ay mga kinakailangang kurso.

Ang ilan sa mga klase sa high school ay mayroong iba't-ibang mga antas ng kahirapan. Halimbawa, ang isang klase sa Ingles ay maaaring panguhanin, regular, progresibo o klase para sa may mga honor. Narito ang ilan sa iba't-ibang mga subject sa high school:

- Ingles
- Matematika (halimbawa, algebra or heometrya)
- Agham (halimbawa, byolohiya o chemistry)
- Pamilya at Agham ng Consumer
- Gym o Pisikal na Edukasyon
- Edukasyon ng Nagmamaneho
- Computer Science
- Inilapat na Teknolohiya
- Negosyo
- Panlipunang Agham
- Sining
- Mga Banyagang Wika
- English as a Second Language (ESL) o Ingles bilang Pangalawang Wika

## MAKAKATULONG NA MUNGKAHI

**Magpanatili ng isang folder para sa lahat ng mga dokumento sa paaralan. Malimit may dalang mga impormasyon ng paaralan para sa mga magulang ang mga bata sa kanilang mga backpack. Ang folder na ito ay maaaring magkaroon ng impormasyon tungkol sa kalendaryo ng paaralan, iskedyul ng bus, mga bakasyon sa paaralan, mga piyesta opisyal, at ibang mga materyales at mga pag-aanunsyo na ipinadala mula sa paaralan.**

## 5. Kung may mga problema sa pag-aaral o espesyal na mga pangangailangan ang aking anak, ano ang magagawa ng paaralan upang makatulong?

Ang espesyal na edukasyon ay isang programa para sa mga mag-aaral na mayroong ilang mga problema sa paaralan. Ang mga mag-aaral na ito ay maaaring mayroong mga problema sa paningin, pandinig, pagsasalita, paglalakad, pag-aaral, o pag-uugali sa klase. Ang mga paaralan ay nagbibigay ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon para sa mga may kapansanang mag-aaral upang tulungan silang magtagumpay sa paaralan. Kung ang inyong anak ay mayroong epesyal na mga pangangailangan:

- Magtanong tungkol sa mga serbisyong makukuha sa paaralan ng inyong anak.

- Sabihin sa paaralan kung anong uri ng espesyal na tulong ang kailangan ng inyong anak sa paaralan.
- Humiling ng isang interpreter sa mga pagpupulong kung kayo ay hindi nagsasalita ng Ingles.
- Itago ang lahat ng mga mahahalagang dokumento at sulat na ibinigay o ipinadala sa inyo ng kawani ng paaralan.


## MAKAKATULONG NA MUNGKAHI

**Maaari kayong makakuha ng isang pulyeto tungkol sa mga karapatan ng mga may kapansang mag-aaral mula sa Illinois State Board of Education. Tumawag sa (312) 814-2220 at humingi ng isang kopya ng mga Karapatan at Responsibilidad sa Edukasyon: Pag-unawa sa Espesyal na Edukasyon sa Illinois.**

## 6. Mayroon bang mga espesyal na programa kung ang aking anak ay mayroong mga espesyal na talento o kakayahan?

Ang mga mag-aaral na mayroong mga espesyal na talento o kakayahan ay tinatawag minsan bilang "May Likas na Talino" or "Talentado". Minsan maaaring kumuha ang mga mag-aaral na ito ng mga espesyal na klase na may mas mahirap at malikhaing gawain.

# VIII. TUNGKULIN NG MGA MAGULANG SA EDUKASYON AT PAG-AARAL NG KANILANG MGA ANAK



Nais ng mga paaralan na maging sangkot ang mga magulang sa edukasyon ng kanilang mga anak. Maaaring maging sangkot ang mga magulang sa mga paaralan ng kanilang mga anak sa maraming mga paraan. Maaari silang:

- makipag-usap sa mga punong-guro at guro
- dumalo sa mga gawain sa paaralan
- tumulong gumawa ng mga pagpapasiya tungkol sa mga paaralan
- magboluntaryo sa mga paaralan
- makipag-usap sa kanilang mga anak tungkol sa kanilang araw at ginawa sa paaralan

## 1. Paano ko malalaman ang tungkol sa pag-aaral ng aking anak? Ang akin bang anak ay isang mahusay na mag-aaral?

Ang mga paaralan ay mayroong iba't-ibang mga paraan upang sabihin sa mga magulang ang tungkol sa mga programa ng paaralan at ang progreso ng pag-aaral ng kanilang mga anak. Marami sa mga paaralan ang mayroong:

Mga **Open Houses** na oras para makilala ang mga guro ng kanilang mga anak, makita ang kanilang mga silid-aralan, at malaman ang tungkol sa ginagawa ng kanilang mga anak.

Mga **Komperensya ng Magulang at Guro** na mga pagpupulong sa pagitan ng mga magulang at guro. Ang guro ay pribadong nakikipagpulong sa bawat

magulang ng bata upang talakayin ang progreso o pag-uugali ng bata sa silid-aralan. Karaniwang humihiling ang mga guro ng hindi bababa sa isang komperensya sa panahon ng taon ng pagpasok sa paaralan sa taglagas. Gayunpaman, kung ang isang bata ay mayroong seryosong mga problema sa pag-aaral o pag-uugali, hihilingin ng guro na pumunta ang mga magulang para sa isang komperensya sa ibang oras sa panahon ng taon. Maaari ring humiling ng isang pagpupulong ang mga magulang anumang oras na mayroong problema. Maaaring sabihin o sulatan ng mga magulang ang isang guro upang humiling ng isang pagpupulong. Ang mga pagpupulong ay madalas ginaganap bago o pagkatapos ng araw ng pagpasok sa paaralan.

Mga **Nakasulat na Materyales** na ipinapadala o dinadala ng mga bata sa tahanan. Halimbawa, maaaring magpadala ang paaralan ng ganitong mga materyales sa tahanan:

- Mga Kalendaryo ng Paaralan tungkol sa mga pagtatalaga ng silid-aralan, mga gawain sa silid-aralan, piyesta opisyal, o mga programa ng paaralan
- Mga newsletter na nagsasabi kung ano ang nangyari sa mga silid-aralan at paaralan
- Mga sarbey na humihingi ng mga ideya at alalahanin sa mga magulang
- Mga form ng pahintulot para sumama ang mga mag-aaral sa mga field trip
- Mga anunsyo para sa mga pagpupulong sa paaralan, komperensya, pagtitipon para sa karangalan, pagsasara ng paaralan, at ibang mga kaganapan

Minsan kailangang sagutan ng mga magulang ang mga nakasulat na materyales. Halimbawa, kailangan ninyong pirmahan ang isang form ng pahintulot bago makasama ang inyong mga anak sa isang field trip.

Ang mga **Pagtawag sa Telepono at ang Internet** ay ibang mga paraan ng pakikipag-usap ng mga paaralan sa mga magulang. Ang mga guro ay malimit na gumagamit ng telepono upang makipag-usap sa mga magulang. Minsan maaari kayong magkaroon ng komperensya ng magulang at guro sa telepono. Ang ilan sa mga paaralan ay mayroong mga hotline para sa mga homework. Ang mga magulang ay tumatawag sa isang partikular na numero ng telepono at naririnig ang isang mensahe tungkol sa mga homework ng kanilang mga anak. Ang ilan sa mga paaralan ay mayroong web site na mayroong impormasyon tungkol sa mga programa ng paaralan, gawain sa silid-aralan, at kung paano mag-email sa isang guro.

Maaaring tawagan ng mga magulang ang paaralan kailanman sila ay mayroong katanungan at makipag-usap sa mga guro o punong-guro. Kung gusto ninyong bisitahin ang paaralan ng inyong anak, tumawag muna sa paaralan upang gumawa ng isang appointment. Maaari ninyong tawagan ang paaralan o magpadala ng isang sulat sa guro.

## MAKAKATULONG NA MUNGKAHI

***Kung kayo ay mayroong mga problema sa pakikipag-usap sa isang tao sa paaralan o sa pagbabasa ng Ingles, hilingin sa isang tao na nagsasalita ng Ingles upang tawagan ang paaralan upang ipaliwanag ang problema. Ang mga paaralan ay maaaring may mga tagapagsalin sa ibang wika upang tulungan ang mga magulang na nagsasalita ng kaunting Ingles o hindi nagsasalita ng Ingles. Hindi malalaman ng paaralan kung mayroong problema kung hindi ninyo sasabihin ang mga ito.***

## 2. Paano ko malalaman ang kalagayan ng aking mga anak sa paaralan?

**Mga Report Card:** Sinasabi ng mga report card sa mga magulang kung ano ang kalagayan ng kanilang anak sa paaralan. Inililista ng mga report card ang bawat subject na pinag-aaralan ng mga bata. Para sa bawat subject, mayroong isang grado.

Ang mga magulang ay nakakatanggap ng mga report card ng kanilang mga anak 4 na beses sa isang taon. Karaniwang inuuwi ng mga bata ang mga report card. Ang ilan sa mga paaralan ay nagbibigay ng mga report card sa mga magulang sa mga Komperensya ng Magulang at Guro. Ipinapadala ng ibang mga paaralan sa koreo ang mga report card sa mga magulang. Kapag makakatanggap ng mga report card ang mga magulang, kailangan nilang pirmahan ang report card o ang sobre. Pagkatapos ibinabalik ng mga bata ang report card sa paaralan.

**Mga Grado:** Karamihan sa mga paaralan ay ginagamit ang mga gradong ito upang sabihin sa mga magulang ang kalagayan ng kanilang mga anak sa bawat subject:

A napakagaling
B magaling
C karaniwang magaling
D mababa sa karaniwang magaling (hindi magaling)
F binagsak ang subject (bumagsak)

Ang A, B, C, at D ay mga pasadong grado. Ang gradong F ay nangangahulugan na hindi pumasa ang bata sa subject. Kung hindi makakapasa ang mag-aaral sa isang subject, kakailanganin nilang kunin muli ang subject o gumawa ng karagdagang gawain upang makakuha ng isang pasadong grado.

Ang mga guro ang nagpapasiya kung anong mga grado ang ibibigay sa mga bata. Tinitingnan ng mga guro ang mga gawain ng mga bata sa paaralan, homework, at mga pagsusulit upang tulungan silang magpasiya kung anong mga grado ang ibibigay. Pinapanood din at pinapakinggan ng mga guro ang mga bata sa klase upang malaman ang mga grado ng mga mag-aaral

**Mga Pansamantalang Ulat:** Ang ilan sa mga paaralan ay nagbibigay ng mga pansamantala o tungkol sa progresong mga ulat. Ang mga magulang ay nakakatanggap ng mga ulat na ito sa pagitan ng mga report card. Sa ilang mga paaralan, ang mga magulang ng bawat mag-aaral ay nakakatanggap ng isang pansamantalang ulat. Ang mga pansamantalang ulat na ito ang nagsasabi sa mga magulang kung ano ang kalagayan ng kanilang mga anak sa bawat subject. Sa ibang mga paaralan, mga magulang lamang ng mga mag-aaral na mayroong problema ang nakakatanggap ng isang pansamantalang ulat. Ang mga ulat na ito ang nagsasabi sa mga magulang tungkol sa mga problema ng kanilang mga anak sa ilang mga subject.

## 3. Paano ako makakatulong gumawa ng mga pagpapasiya tungkol sa mga paaralan?

Ang mga magulang ay maaaring tulungan ang mga administrador ng paaralan na gumawa ng mga pagpapasiya tungkol sa mga programa ng paaralan. Ang mga paaralan ay iniimbitahan ang mga magulang para dumalo sa mga pagpupulong para sa iba't-ibang mga grupo ng magulang. Ang mga magulang ay maaaring magbigay ng mga ideya at payo tungkol sa mga programa ng paaralan ng kanilang mga anak kapag sila ay dumadalo sa mga pagpupulong ng grupong ito:

- Ang mga *Komite sa Pagpapayo ng Magulang* ay mga grupo ng magulang na nagbibigay ng mga payo sa paaralan at ideya para sa pagpapahusay ng mga espesyal na programa tulad ng Bilingguwal na Edukasyon.

- Ang mga *Komite o Koponan sa Pagpapahusay ng Paaralan* ay bumubuo ng mga plano kung paano mapapahusay ng mga kawani ng paaralan, magulang, at komunidad ang pag-aaral ng mag-aaral.

- Ang mga *Organisasyon ng Magulang at Guro* ay nagpaplano ng mga programa para kumita ng salapi para sa isang paaralan. Halimbawa, ang isang organisasyon ng magulang at guro ay maaaring magplano ng isang pagtatanghal ng aklat upang makabenta ng mga aklat. Maaari nilang gamitin ang salapi na kanilang naipon upang bumili ng mga kompyuter para sa mga silid-aralan.

## 4. Anong mga espesyal na gawain ang maaari kong daluhan sa paaralan ng aking mga anak?

Kalimitan ang mga paaralan ay iniimbitahan ang mga magulang para sa mga espesyal na gawain sa paaralan. Ang mga gawaing ito ay binibigyan ang mga guro, magulang, at anak ng isang panahon para makilala ang isa't-isa.

Minsan ang mga magulang ay pumupunta sa paaralan para makita ang kanilang mga anak sa mga gawain tulad ng:

- *Mga Kaganapan sa Isports* para makita ang kanilang mga anak na naglalaro ng mga isports tulad ng soccer, volleyball, o basketball.
- *Mga Pagtatanghal ng Palabas at Musikal* para makita nila ang kanilang mga anak na umaarte, kumakanta, o tumutugtog ng isang instrumento.
- *Mga Pagtitipon* tulad ng mga pagtatapos o gabi ng parangal para makita ang kanilang mga anak na tumatanggap ng mga karangalan at gantimpala.

Ang mga paaralan ay nag-iimbita rin ng mga pamilya sa paaralan para malaman ang bagong impormasyon. Ang ilan sa mga gawaing ito ay:

- Ang *Mga Gabi ng Curriculum* ay ipinapakita sa mga magulang kung ano ang matututunan ng kanilang mga anak sa panahon ng taon ng pagpasok sa paaralan. Maaari ring ipaliwanang ng guro kung ano ang dapat matutunan ng mga mag-aaral para sa pagpunta sa susunod na baitang o para magtapos.

- Ang mga *Workshop ng Magulang* ay binibigyan ang mga magulang ng mga ideya tungkol sa pagpapalaki ng kanilang mga anak. Maaaring malaman ng mga magulang kung paano tulungan ang kanilang mga anak para maging malusog at matagumpay. Halimbawa, ang isang workshop ay maaaring tungkol sa kung paano mapanatili ang mga bata sa paaralan at hindi huminto sa pagpasok. Ang mga Workshop ng Magulang ay maaari ring ituro sa mga magulang kung paano tulungan matuto ang kanilang mga anak. Halimbawa, ang mga magulang ay maaaring dumalo sa isang workshop para malaman kung paano magbasa ng mga libro sa kanilang mga batang anak.

- Ang mga *Oryentasyon ng Paaralan* ay mga pagpupulong para sa mga magulang at mga bagong mag-aaral. Kalimitan ang mga oryentasyon ay ginaganap para sa mga magulang ng kindergarten, ika-walong baitang at freshman sa high school (ika-siyam na baitang) na mga mag-aaral. Ang mga magulang ay nakakatanggap ng impormasyon tungkol sa bagong paaralan na papasukan ng kanilang mga anak. Halimbawa, maaaring malaman ng mga magulang ang tungkol sa bagong tuntunin ng paaralan sa pananamit. Maaari ring malaman ng mga magulang kung paano matutulungan ang kanilang mga anak sa pagpili ng mga kurso.

Minsan ang mga paaralan ay mayroong mga panlipunang gawain para sa mga magulang at pamilya sa komunidad tulad ng mga Internasyonal na Pagtatanghal, Araw ng Pagpapahalaga sa Magulang, at Araw ng Pagmamalaki sa Paaralan. Ang mga pamilya ay nagpupunta sa mga paaralan para magkatuwaan at magsaya para sa sarili. Halimbawa, maaari nilang tikman ang iba't-ibang mga pagkain mula sa maraming mga bansa sa isang Internasyonal na Pagtatanghal.

## 5. Ano ang ilang mga paraan na maaari akong magboluntaryo sa mga paaralan ng aking mga anak?

Minsan kailangan ng paaralan ng tulong sa mga gawain sa paaralan. Hinihiling ng mga paaralan sa mga magulang na magboluntaryo para sa iba't-ibang mga gawain.

**Para sa mga Gawain sa Silid-aralan at sa Pag-aaral** maaari kayong magboluntaryo para:

- magsalita sa isang klase tungkol sa inyong trabaho o sariling bansa
- sumama sa isang field trip kasama ang isang klase
- magbasa sa isang klase o makinig sa mga nagbabasang mag-aaral

**Para sa mga Programa sa Paaralan** maaari kayong magboluntaryo para:

- tumulong sa isang sayawan sa paaralan
- magdala ng mga inuming pampalamig para sa pagpupulong ng mga magulang
- magplano ng isang pag-iipon ng pondo
- tumulong magsalin sa ibang wika ng nakasulat na mga materyales

Maraming mga paraan upang lumahok kayo sa mga paaralan. Ang mga paaralan ay kailangan ang inyong tulong, mga ideya, at pakikilahok sa edukasyon ng iyong mga anak. Kayo ay isang napakahalagang bahagi sa edukasyon ng inyong mga anak. Kayo ay palaging malugod na tinatanggap sa mga paaralan.

## MAKAKATULONG NA MUNGKAHI

**Ang mga paaralan ay maaring maglista ng mga oportunidad sa pagboboluntaryo sa bulletin, web page ng paaralan, o sa isang espesyal na anunsyo na ipinadala sa bahay mula sa paaralan.**

## 6. Ano ang magagawa ko sa tahanan para matulungan ang pag-aaral ng aking mga anak?

Ang mga matagumpay na mag-aaral ay pumapasok sa paaralan na handa para matuto at magkaroon ng mabuting asal sa pag-aaral. Maraming paraan na maaaring makatulong ang mga magulang sa kanilang mga anak para humusay sa paaralan. Maaari kayong tumulong kahit na nagsasalita kayo ng kaunting Ingles. Hindi ninyo kailangan malaman ang Ingles para makatulong. Narito ang mga mahahalagang bagay na maaari ninyong gawin para tulungan sa pag-aaral ng iyong mga anak:

**Damit para sa Panahon:** Tiyakin na ang mga damit ng inyong anak ay tama sa panahon sa labas. Halimbawa, kung malamig sa labas, dapat silang magsuot ng mainit na damit tulad ng mga dyaket, sombrero, at guwantes.

**Mga Uniporme ng Paaralan at Alituntunin sa Pananamit:** Sa ilang mga paaralan ang mga mag-aaral ay kailangan magsuot ng mga uniporme sa paaralan. Halimbawa, ang isang uniporme ay maaaring puting t-shirt at asul na pantalon o palda. Ang ibang mga paaralan ay walang uniporme, ngunit mayroon silang mga alituntunin sa pananamit. Ang mga alintuntunin sa pananamit ay mga espesyal na patakaran tungkol sa damit na maaaring isuot ng mga bata sa paaralan. Halimbawa, sa ilang mga paaralan ang mga batang lalaki ay hindi maaaring magsuot ng mga sombrero sa loob at ang mga babae ay hindi pinapahintulutang magsuot ng walang manggas na pantaas. Kung ang inyong mga anak ay hindi nakadamit nang wasto para sa paaralan, ang ilang mga paaralan ay pauuwiin sila.

**Mga Suplay sa Paaralan:** Kailangan magdala ng mga bata ng mga suplay sa paaralan sa klase. Ang mga suplay sa paaralan ay mga papel, lapis, panulat, at pambura. Minsan kailangan ng mga bata ang ibang mga suplay tulad ng ruler, gunting, o pandikit. Karaniwan ang mga guro ay binibigyan ang mga mag-aaral ng isang listahan ng mga suplay sa paaralan na kanilang kailangan. Kung hindi kayo makakabili ng mga suplay, sabihin sa guro.



**Pinag-uusapan ang tungkol sa Gawain sa Paaralan:** Dapat tanungin ng mga magulang ang kanilang mga anak sa bawat araw ng, “Kamusta ang pag-aaral sa araw na ito?” “Mayroon ka bang homework ngayong gabi?” Nais ng paaralan na talakayin ninyo ang gawaing pampaaralan sa inyong mga anak. Maaari ninyong tanungin ang inyong mga anak tungkol sa kung ano ang kanilang pinag-aaralan sa kanilang mga klase. Maaari ninyo ring tanungin ang inyong mga anak na iuwi at ipakita sa inyo ang kanilang mga papel na binigyan ng grado.

**Pagtulong sa Homework:** Ang homework ay isang takdang-aralin na ibinibigay ng mga guro sa mga mag-aaral upang gawin sa bahay.

Mayroong iba't-ibang uri ng mga takdang-aralin. Ang mga bata ay maaaring:

- tapusin ang mga takdang-aralin na inumpisahan sa paaralan
- gumawa ng mga takdang-aralin na nagsasanay o nagrerepaso ng bagay na natutunan nila sa paaralan (tulad ng pagbabasa o matematika)
- gumawa ng mga espesyal na proyekto, tulad ng mga book report, eksperimento sa agham o gumuhit ng isang mapa
- mag-aral para sa isang iksamen o pagsusulit

Ang mga guro ang nagpapasiya kung gaano kadaming homework ang ibibigay bawat gabi. Hindi lahat ng mga guro ay nagbibigay ng parehong dami ng homework. Ang mga mas matandang bata ang karaniwang mayroong mas maraming homework kaysa sa mas bata. Narito ang ilang mga bagay na maaari ninyong gawin para tulungan ang iyong mga anak sa kanilang homework:

*Oras ng Homework:* Ang mga bata ay mayroong maraming mga pang-araw-araw na gawain tulad ng mga aatupagin sa araw-araw, appointment, oras ng paglalaro, programa pagkatapos ng pagpasok sa paaralan, at homework. Maaari ninyong tulungan ang inyong mga anak na mag-iskedyul ng isang espesyal na oras para sa homework. Pinakamabuti kung ang homework ay gagawin sa parehong oras tuwing hapon o gabi, ngunit hindi ng gabing-gabi na. Sa oras ng homework, dapat ninyong patayin ang telebisyon at mga video game o laro sa kompyuter. Kailangan ng mga bata ng isang tahimik na lugar upang gawin ang kanilang homework.

*Pagtingin sa Homework:* Maaari ninyong tingnan ang homework upang makita kung ito ay maayos at malinis. Maaaring ipaliwanag sa inyo ng inyong mga anak ang kanilang homework. Minsan nakakakita ng mga mali ang mga bata kapag ipinapaliwanag nila ang kanilang homework.

*Mga Problema sa Homework:* Minsan hindi matapos ng mga bata ang kanilang homework dahil hindi nila ito naiintindihan. Kung naiintindihan ng mga magulang ang homework, matutulungan nila ang kanilang mga anak.

Ngunit kailanman hindi dapat gawin ng mga magulang ang homework para sa kanilang mga anak.

Palagay ng maraming mga magulang na hindi nila matutulungan ang kanilang mga anak sa homework. Minsan ang mga magulang ay hindi gaano nakakaintindi ng Ingles o hindi nila naiintindihan ang subject. Kung hindi matulungan ng mga magulang ang kanilang anak sa isang problema sa homework, dapat nilang sulatan o tawagan ang guro ng bata. Maaaring sabihin ng mga magulang sa guro na ang kanilang anak ay nagkaroon ng problema sa pagtapos sa takdang-aralin. Minsan maaaring makakuha ng karagdagang tulong ang mga bata sa kanilang mga takdang-aralin sa paaralan bago at pagkatapos pumasok sa paaralan, o sa oras ng recess o pamamahinga.

Minsan ayaw gawin ng mga bata ang kanilang homework. Maaaring may oras sila sa panonood ng telebisyon o maglaro, ngunit kailaman ay wala silang oras sa paggawa ng homework. Madalas tatawagan o susulatan ng mga guro ang mga magulang kung ang isang bata ay hindi ginagawa ang kanilang homework. Ang mga guro at magulang ay dapat magpasiya kung ano ang mangyayari sa mga bata na hindi gumagawa ng kanilang homework. Karaniwan silang binibigyan ng isang mababang grado.

**Ang Aklatan:** Para sa ilang mga takdang-aralin, maaaring kailanganin ng mga bata ang mga materyales mula sa pampublikong aklatan. Ang lahat ng mga materyales ng aklatan ay maaaring gamitin sa aklatan. Kung nais dalhin ng inyong anak sa bahay ang mga materyales o gamitin ang mga kompyuter sa aklatan, dapat kayong magkaroon ng isang library card. Maaari kayong makakuha ng library card sa aklatan.

**Pagbabasa at Pag-uusap nang Magkasama:** Ang mga bata na nagbabasa sa tahanan ay mas mahusay sa paaralan. Isang mabuting ideya na magkaroon ng oras sa pagbabasa ang pamilya sa inyong tahanan. Sa panahon ng pagbabasa maaari ninyong basahan ang inyong mga anak o basahan kayo ng inyong mga anak. O maaaring magbasa ang lahat nang mag-isa sa panahon ng pagbabasa. Mahalaga para sa inyong mga anak na makita kayong nagbabasa sa Ingles o sa inyong katutubong-wika.

Kung ang pagbabasa ay mahirap para sa inyo, kung gayon magkuwento ng mga istorya sa inyong mga anak. Maaari kayong magkuwento tungkol sa inyong pamilya noong kayo ay bata pa at tungkol noong ang inyong mga anak ay mga sanggol pa. Ang inyong mga anak ay maaari ring magkuwento. Maaari kayong magkuwento sa Ingles o sa inyong katutubong-wika.

**Mga Gawain ng Pamilya sa Pag-aaral at Mga Sentrong Mapagkukunan ng Pamilya:** Maraming mga paaralan at organisasyong pangkomunidad ang nag-aalok ng mga programa sa pag-aaral sa gabi at sabado at linggo. Ang mga magulang at anak ay dumadalo nang magkasama sa mga gawain na ito. Ang

inyong pamilya ay maaaring matuto tungkol sa mga subject tulad ng matematika, agham, pagbabasa, at mga kompyuter. Karaniwan kayong makakatanggap ng mga materyales para iuwi sa bahay para sa karagdagang pag-aaral.

Ang ilang mga paaralan ay mayroong mga sentrong mapagkukunan ng pamilya. Ang mga sentrong ito ay mayroong mga materyales na maaaring mahiram at madala ng mga magulang sa bahay. Ang ilang mga materyales ay tungkol sa pagpapalaki ng anak, nutrisyon, kaligtasan, kalusugan, ang paaralan, at mga gawain sa pag-aaral. Karaniwan mayroong mga libro, laro, video, tape recorder, at audio tape.

## MAKAKATULONG NA MUNGKAHI

**Makipag-ugnayan sa paaralan ng inyong mga anak upang malaman kung mayroon silang sentrong mapagkukunan ng pamilya o mga gawain sa pag-aaral ng pamilya.**

## 7. Ano ang magagawa ko para tulungan tulungang magplano ang aking mga anak para sa kanilang mga buhay pagkatapos ng high school?

Dapat malaman ng mga magulang ang tungkol sa mga kawani ng paaralan na makakatulong sa mga plano sa hinaharap ng kanilang mga anak. Ang tagapagpayo ng high school ay maaaring tulungan ang mga pamilya na gumawa ng mga pagpapasiya tungkol sa kung ano ang gagawin ng mga mag-aaral pagkatapos ng high school. Kapag ang inyong anak ay nag-umpisa ng high school, simulang pag-usapan ang tungkol sa mga plano sa hinaharap. Pinakamabuting gumawa ng mga desisyon bago ang huling taon ng high school. Kung magpapasiya ang mga bata nang napakahuli na para pumasok sa kolehiyo, maaaring hindi sila magkaroon ng lahat ng mga kurso na kailangan nila. Ang mga mag-aaral ay kailangan kumuha ng ilang mga kurso sa high school para maghanda para sa kolehiyo. Ang mga mag-aaaral ay dapat ding kumuha ng mga pagsusulit sa high school upang makapag-apply para sa kolehiyo.

# IX. EDUKASYON NG NASA SAPAT NA GULANG



## 1. Saan ako makakapunta upang matuto ng Ingles o makakuha ng ibang mga klase?

Mayroong maraming mga oportunidad sa pag-aaral para sa mga nasa sapat na gulang. Maraming mga klase ang libre, ngunit ang ilan ay sumisingil ng matrikula. Ang mga klase ay inaalok sa umaga at sa gabi. Ang mga klase para sa mga nasa sapat na gulang ay kadalasang ginaganap sa mga community college, paaralan, aklatan, at sentro ng komunidad.

Ang ilan sa mga klase para sa edukasyon ng nasa sapat na gulang ay:

**English as a Second Language (ESL) o Ingles bilang Pangalawang Wika** – para sa mga pangunahing kakayahan sa wikang Ingles.

**GED at mga Pangunahing Kakayahan –** para sa mga pangunahing kakayahan sa pagbabasa at matematika, at para maghanda para sa GED (pagkumpleto ng high school) na pagsusulit.

Mayroon ding mga akademikong programa sa mga kolehiyo at unibersidad. Inihahanda ng mga akademikong programa ang mga nasa sapat na gulang para sa pag-aaral sa kolehiyo at sumisingil ng matrikula.

## MAKAKATULONG NA MUNGKAHI

**Maaari kayong makakuha ng impormasyon tungkol sa mga klase sa edukasyon ng nasa sapat na gulang mula sa:**

- **paaralan ng inyong anak**
- **mga organisasyon ng komunidad sa inyong lugar**
- **inyong pampublikong aklatan**
- **isang community college na malapit sa inyong bahay**
- **mga panrelihiyon o etinikong organisasyon**
- **ang Hotline ng Illinois para sa Pag-aaral ng Nasa Sapat na Gulang: 1-800-321-9511 : 1-800-321-9511**
  **(isang libreng tawag)**